## Paraan ng pag-file ng deposit insurance claim kung ikaw ay **DEPOSITOR** ng nagsarang **Binangonan Rural Bank, Inc.** na alinman sa mga sumusunod:

- ✓ May account balance na higit sa ₱100,000
- ✓ May utang sa nagsarang bangko
- ✓ Hindi kumpleto ang address sa records ng bangko
- ✓ Nakapangalan sa negosyo, asosasyon, kooperatiba, o kumpanya ang deposito

PDIC

*Bank deposit mo, protektado!*



### 1. Online sa binangonan-pad@pdic.gov.ph

**Ipadala ang malinaw na scanned o photo images ng mga sumusunod:**

a. Claim Form (nasagutan ang mga detalye, napirmahan at napanotaryuhan)
b. Unang pahina ng Savings Passbook na may pangalan at account number at huling pahina nito na may account balance; o harap at likod ng Certificate of Time Deposit
c. Isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma*



### 2. Postal Mail o Courier Service sa:

**Public Assistance Department**
Philippine Deposit Insurance Corporation
Ground Floor, PDIC Chino Bldg.,
2228 Chino Roces Avenue,
Makati City 1231

**Ilakip ang mga sumusunod:**

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan ang mga detalye, napirmahan at napanotaryuhan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma*

**Maaaring magpadala ang depositor ng hanggang dalawang (2) valid IDs para masiguro ang mas mabilis na pagproseso ng claim sakaling may pagkakaiba sa pirma ng depositor.*



### 3. Personal na pag-file sa:

**Public Assistance Center (PAC)**
Philippine Deposit Insurance Corporation
3rd Floor, SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue
corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

**Dalhin ang mga sumusunod:**

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan ang mga detalye at napirmahan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Orihinal at photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma**.

***Iminumungkahi na magdala ng dalawang (2) valid IDs kung sakaling may pagkakaiba sa pirma*



### Halimbawa ng valid IDs:

*Driver's License, SSS/GSIS ID, Senior Citizen's ID, Passport, PRC ID, OWWA/OFW ID, Seaman's ID, Alien Certificate of Registration ID, Voter's ID o PhilID (Philippine National ID).*

---

### Kailan maaaring mag-file ng deposit insurance claim?

**May 19, 2023 hanggang April 28, 2025** kung ang iyong deposito ay hindi lalagpas sa ₱500,000.

### Paano makakuha ng Claim Form?

I-download ang Claim Form sa PDIC Website (http://www.pdic.gov.ph/files/New_PDIC_Claim_Form.pdf).

Maaari ring i-download and Claim Form mula sa Depositor's Corner ng PDIC website, i-click lamang ang Filing Thru E-mail sa kaliwang bahagi nito.

Walang bayad ang Claim Form at ang pag-proseso ng claim.

*Ang pirma sa Claim Form ay dapat pareho sa pirma sa bank records at sa valid IDs na isinumite ng depositor.*

### Kailan dapat mag-file ng claim para sa excess o uninsured na portion ng deposit insurance?

Ang mga depositor na may deposit balance na **higit** sa ₱500,000 na maximum deposit insurance coverage (MDIC) ay hinihikayat na mag-file ng kanilang deposit insurance claim on or before **14 July 2023**. Ito ang deadline ayon sa batas upang mag-file ng claim para sa mga asset ng nagsarang **Binangonan Rural Bank, Inc.**

Ang claim para sa ***uninsured portion*** o para sa deposit na higit sa MDIC ay ituturing nang *filed against the assets* ng **Binangonan Rural Bank, Inc.** kung ang deposit insurance claim ay nai-file bago ang nasabing deadline na **14 July 2023**.

Ang *uninsured portion* ng deposit ay claim para sa mga natitirang asset ng nagsarang bangko, at hindi na liability ng PDIC bilang state deposit insurer.

# Mga Karagdagang Requirement sa Pag-file ng Deposit Insurance Claim sa Nagsarang Binangonan Rural Bank, Inc.


PDIC
PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION

*Bank deposit mo, protektado!*






1. Para sa mga depositor na 17 years old pababa, kinakailangan ng photocopy ng Birth Certificate mula sa Philippine Statistics Authority (PSA) o Certified Copy mula sa Local Civil Registrar, at valid ID ng magulang/guardian.




2. Orihinal na kopya ng notarized/authenticated Special Power of Attorney (SPA) ng depositor o magulang/guardian ng isang menor de edad na depositor, kung ang claimant ay walang lagda o pirma sa mga bank record.

*I-download ang SPA form mula sa PDIC website: http://www.pdic.gov.ph/files/spa_claims.pdf*



Kung kinakailangan, maaaring humingi ang PDIC ng mga karagdagang dokumento para sa pagsusuri at pag-proseso ng deposit insurance claim.

## SINO ANG DAPAT PUMIRMA SA CLAIM FORM?

1. **Depositor** ng account (para sa mga depositor na 18 years old pataas)
2. **Magulang/guardian** ng depositor (kung ang edad ng depositor ay 17 years old at pababa)
3. **Agent** para sa mga "By" account
4. **Trustee** para sa mga "In Trust For (ITF)" account
5. **Bawat isang depositor/account holder** sa magkahiwalay na Claim Form para sa mga joint account tulad ng "Or", "And/Or" o "And" account
6. **Authorized representative/s** para sa mga negosyo, asosasyon, kooperatiba, o kumpanya, o namatay na depositor at sino man na may SPA mula sa depositor

**(02) 8841-4141**
(tumawag during office hours, para sa mga depositor sa Metro Manila)

**1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC**
(tumawag during office hours, para sa mga depositor sa labas ng Metro Manila)

**binangonan-pad@pdic.gov.ph**

**www.facebook.com/OfficialPDIC**